# Pagkilala sa mga Mapang-abusong Pag-uugali

Minsan ang isang tagabigay, miyembro ng pamilya (kabilang ang isang bata), o kaibigan ay lumalampas sa linya at nagiging mapang-abuso.

Sa California, ang pag-abuso sa isang bata, sa isang taong higit sa 65 taong gulang, o sinumang nasa pagitan ng edad na 18 at 64 na may pisika o mental na limitasyon, ay isang krimen na pinarurusahan ng batas.

Maaaring mangyari ang pang-aabuso sa maraming paraan, kabilang ang pisikal o sekswal na pang-aabuso, pang-aabuso sa pananalapi, pagpapabaya, at sikolohikal na pang-aabuso o pananakot. Narito ang ilang mga halimbawa ng pang-aabuso:

- Sinasampal, sinasaktan, sinasakal, kinukurot, sinisipa, tinutulak, panggagahasa, o pangmomolestiya.
- Ang patuloy na paninigaw, pagbabantang sasaktan ang katawan, o pagbabantang iiwanang mag-isa.
- Pag-iwan ng mag-isa ng isang tagabigay ng pangangalaga kapag hindi ka makakuha ng kinakailangang pagkain, tubig, damit, tirahan, o pangangalagang pangkalusugan.
- Pinipigilan na makatanggap ng sulat, mga tawag sa telepono, o mga bisita; o pinipigilang umalis ng bahay nang walang magandang dahilan.
- Ang pagkakaroon ng pera, ari-arian, o mga bagay na may halaga na kinukuha sa pamamagitan ng puwersa o nang wala ang iyong pahintulot.
- Pagpapabaya ng isang tao na dapat ay nagbibigay ng pangangalaga, pagkain, o tubig.

## Iulat Ang Pang-aabuso!

Kung inaabuso ka, kahit ng isang miyembro ng pamilya, dapat kang humingi kaagad ng tulong sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

- 911
- Adult Protective Services (APS) sa California APS Hotline: (833) 401-0832

**Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.**